

**Coronavirus Disease (COVID-19)****PAG-IWAS SA COVID-19 SA LUGAR NA PINAGTATRABAHUAN: PAYO PARA SA MGA EMPLOYER, EMPLEYADO AT MAHALAGANG MANGGAGAWA**

Sa buong Canada, nagsasagawa kami ng mga pambihirang hakbang upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Para sa ilang lugar na pinagtatrabahuan, maaari itong mangahulugang ang pagbabago o paglilimita sa kanilang mga oras ng operasyon, o maging ang pagsasara sa loob ng isang yugto ng panahon. Maraming empleyado ang sinabihang manatili sa tahanan, at hiniling sa iba na magtrabaho mula sa tahanan, habang hiniling naman sa iba na patuloy na pumasok sa trabaho dahil mahalaga ang kanilang mga trabaho upang manatiling buhay ang Canada sa panahon ng outbreak na ito.

Itinuturing na kritikal ang mahahalagang manggagawa sa pangangalaga ng buhay, kalusugan at pangunahing pamumuhay ng lipunan. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga unang tagaresponde, tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan, mahalagang manggagawa sa imprastruktura, hydro at natural gas, at manggagawang mahalaga upang mabigyan ang lipunan ng mahahalagang produkto gaya ng pagkain at mga gamot.

Bagama't dapat patuloy na magpanatili ang lahat ng empleyado ng [social distancing](#) at [kalinisan](#) sa kanilang mga personal na buhay, kailangan din naming magsagawa ng mga karagdagang hakbang upang protektahan ang mahahalagang lugar na pinagtatrabahuan at ang mga empleyado, na nagbibigay ng mahahalagang serbisyo. Kakailanganing magtulungan ang mga employer at empleyado upang protektahan ang kalusugan ng mga empleyado at kliyente, at upang patuloy na maihatid ng lugar na pinagtatrabahuan ang mahahalagang serbisyo nito.

Dapat gamitin ng mga employer ang [mga alituntunin](#) sa pagpapasyang may kabatiran tungkol sa panganib para sa mga lugar na pinagtatrabahuan/negosyo sa panahon ng pandemic ng COVID-19.

Para sa lahat ng empleyado

Dapat tiyakin ng lahat ng empleyado na nauunawaan nila at sumusunod sila sa mga patakaran at kasanayan sa pag-iwas sa impeksyon na itinakda sa kanilang mga lugar na pinagtatrabahuan:

Panatiliing malinis ang iyong mga kamay:

- [Hugasan ang iyong mga kamay](#) nang madalas gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo
- Kung walang available na sabon at tubig, gumamit ng alcohol-based hand sanitizer





- Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong at bibig
- Umubo o bumahing sa iyong siko
- Iwasang humawak sa mga lugar na madalas hawakan ng mga tao
- Sa halip na makipagkamay, kumaway nang magiliw o makipag-elbow bump
- Gumamit ng anumang mahalagang personal na pamprotektang kagamitan, ayon sa itinagubilin.

Panatiliing malinis ang iyong kapaligiran:

- Gumamit ng mga naaangkop na [produkto](#) upang linisin at i-disinfect ang mga item tulad ng iyong desk, lugar na pinagtatrabahuhan, mga keyboard at electronics, mga cash register, mga keypad, mga button sa elevator at mesa sa restaurant nang kahit dalawang beses araw-araw, at mas madalas kung halatang madumi ang mga ito.
- Kung hindi tinatablan ang mga ito ng paggamit ng mga likido para sa pag-disinfect, maaaring i-disinfect ang madalas hawakang electronics gaya ng mga telepono, computer, at iba pang device gamit ang 70% alcohol (hal., mga alcohol prep wipe).

Magpanatili ng sapat na layo:

- Magpanatili ng layong 2 metro sa pagitan mo, ng iyong mga katrabaho, at mga customer.
- Dagdagan ang layo sa pagitan ng mga desk, mesa, at workstation.
- Bawasan ang mga aktibidad na nangangailangan ng malapitan at pisikal na pakikisalamuha sa mga tao, gaya ng mga pagpupulong ng team.
- Limitahan ang anumang pakikisalamuha na mas malapit sa 2 metro sa pinakamaikling panahong posible.

Kung nakakaranas ka ng sintomas ng COVID-19:

- Kung sa tingin mo ay mayroon kang COVID-19, gamitin ang aming [tool sa pagtatasa sa sarili](#) upang malaman kung ano ang dapat gawin.
- Kung nakakaranas ka ng isang sintomas ng COVID-19 (lagnat, ubo, o hirap sa paghinga), o kahit mga hindi malalang sintomas, napakahalagang manatili ka sa bahay upang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa iba.
- Kung magkaroon ka ng kahit mga hindi malalang [sintomas](#) habang nasa iyong lugar na pinagtatrabahuhan, ihiwalay ang iyong sarili sa iba at umuwi sa bahay nang iniwasan ang paggamit ng pampublikong sasakyan (hal., tren, taxi) kung posible.
- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na [Awtoridad sa Pampublikong Kalusugan](#) at sundin ang kanilang payo.
- Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong pinansyal na katayuan sa panahong ito, nagbibigay ang Pamahalaan ng Canada ng [tulong](#).



Para sa mga employer

Magtakda ng mga patakaran upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa lugar na pinagtatrabahuhan at tiyaking maipapalam at maunawaan ang mga ito ng mga empleyado:

- Gamitin ang [mga alituntunin](#) sa pagpapasyang may kabatiran tungkol sa panganib para sa mga lugar na pinagtatrabahuhan/negosyo sa panahon ng pandemic ng COVID-19.
- Dagdagan ang pakikipag-ugnayan sa mga kawani at sa iyong mga customer tungkol sa COVID-19 at sa mga hakbang na isinasagawa mo para sa pagpigil nito.
- Magpaskil ng mga karatulang humihiling sa mga kliyente o customer na may sakit na umiwas sa lugar na pinagtatrabahuhan.
- Magpaskil ng mga karatulang humihimok ng mabuting kasanayan sa pag-ubo at pagbahing, kalinisan ng kamay, at iba pang kasanayan para sa kalusugan
- Kung saan maaaring ilapat, isaayos ang mga patakaran at pamamaraan upang bawasan ang social contact, gaya ng mga teleworking arrangement, flexible na oras, iba't ibang oras ng pagsisimula, paggamit ng email at teleconferencing.
- Kanselahin o ipagpaliban ang lahat ng hindi mahalagang pulong o paglalakbay.
- Suriin ang lugar na pinagtatrabahuhan para sa mga lugar kung saan madalas na nakikisalamuha ang mga tao sa isa't isa at naghahati-hati sa espasyo o mga bagay, at dalasan pa ang paglilinis sa mga lugar na ito.
- Magsaalang-alang ng mga paraan kung saan makakapagpanatili ang mga empleyado ng social distancing, gaya ng pagdaragdag ng layo sa pagitan ng mga desk, tao sa linya, at workstation.
- Pag-isipang bawasan ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga customer at ng iyong mga empleyado, gaya ng paglilimita sa bilang ng mga customer na pinapahintulutan sa iyong gusali o paglilingkod sa mga customer sa pamamagitan ng telepono. Dapat ay magpanatili ng 2 metrong layo, maliban na lang kung may pisikal na harang (hal., cubicle, plexiglass na bintana).

Ibigay ang mga kinakailangang pasilidad at produktong panlinis upang mapanatiling malinis at ligtas ang lugar na pinagtatrabahuhan:

- Magbigay ng access sa mga pasilidad para sa paghuhugas ng kamay at maglagay ng mga hand sanitizing dispenser sa mga madaling makitang lokasyon sa buong lugar na pinagtatrabahuhan
- Tiyaking i-disinfect nang dalawang beses araw-araw ang mga lugar na pinagtatrabahuhan na mataas ang trapiko o ang mga lugar na madalas hawakan.
- Tiyaking may mga available na panlinis na supply upang linisin at i-disinfect ng mga empleyado ang kanilang mga lugar na pinagtatrabahuhan.



- Bigyan ang mga empleyado ng anumang personal na pamprotektang kagamitang inirerekomenda ng mga alituntunin sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, at pagsasanay upang matiyak na ginagamit ito nang tama.

Tiyaking alam ng mga empleyado kung ano ang dapat gawin kapag nakakaranas sila ng mga sintomas:

- Pag-isipang luwagan ang mga patakaran sa sick leave na sumusuporta sa mga empleyado sa pagbubukod ng sarili kapag may sakit. Kabilang dito ang pagsususpende ng pangangailangan ng mga medikal na tala upang makabalik sa trabaho, dahil binabawasan nito ang paghihirap ng nahihirapan nang sistema ng pangangalaga sa kalusugan.
- Kung dapat gumamit ang mga empleyado ng pampublikong transportasyon sa pagpasok sa trabaho, pag-isipan ang mga flexible na oras upang bigyang-daan silang maiwasan ang mga panahon kung saan pinakamaraming naglalakbay.
- Pag-isipan kung paano uuwi sa bahay ang mga empleyado nang hindi gumagamit ng pampublikong sasakyan kung magkaroon sila ng mga sintomas habang nasa trabaho.
- Maghanda para sa pagdami ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit ng mga empleyado at ng kanilang mga pamilya o mga posibleng pagsasara ng paaralan.

Paglalakbay na may kaugnayan sa trabaho

- Hindi dapat magkaroon ng hindi mahalagang paglalakbay sa ngayon.
- Isaalang-alang ang mga panganib at benepisyong may kaugnayan sa anumang paparating na mahalagang paglalakbay at suriin ang iba pang opsyon, gaya ng pagpapaliban, pagkansela, o paglahok sa virtual na paraan.
- Tingnan ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga apektadong lugar at anumang [abiso sa kalusugan na may kaugnayan sa paglalakbay](#).
- Kapag nakabalik ka na mula sa anumang paglalakbay sa labas ng Canada, dapat mong ibukod ang iyong sarili sa loob ng 14 na araw.
- Kapag nakabalik ka na mula sa paglalakbay sa loob ng Canada, bantayan ang iyong sarili kung makakaranas ka ng mga sintomas, gaya ng ubo, lagnat o hirap sa paghinga sa loob ng 14 na araw.
- Kung magkaroon ka ng mga hindi malalang [sintomas](#), gaya ng ubo, lagnat o hirap sa paghinga, [ibukod](#) ang iyong sarili sa bahay at makipag-ugnayan sa iyong lokal na [Awtoridad sa Pampublikong Kalusugan](#) para sa higit pang tagubilin.

Paglalakbay na may kaugnayan sa trabaho para sa Mahahalagang Manggagawa



- Ang mahahalagang manggagawa para sa transportasyon, gaya ng mga driver ng truck, crew ng tren o eroplano, ay kailangang maglakbay upang matiyak ang paggalaw ng mga produkto at taong kinakailangan para sa pagresponde sa COVID-19 at sa patuloy na pagtakbo ng bansa.
- Hindi kailangang ibukod ng mahahalagang manggagawa ang kanilang sarili sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng paglalakbay na may kaugnayan sa trabaho, ngunit [kailangan](#) nilang bantayang mabuti ang kanilang mga sarili kung makakaranas sila ng mga sintomas, at ibukod kaagad ang sarili kung magkaroon sila ng kahit mga hindi malalang sintomas.

Magagawa nating lahat ang ating bahagi sa pag-iwas ng pagkalat ng COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ng Canada.ca/coronavirus o kaya't tumawag sa 1-833-784-4397 Canada.ca/le-coronavirus